# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Baitang 4-FILIPINO

---

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

## UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## FILIPINO 4

### MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM


**Development Team:**
Writers: **ROSANNE T. BAUTISTA**
**JOCELYN D. JAVIER**
**ROCHELLE E. SOLERO**
Layout Artist: **JOHN JESSON S. MONSERATE**
Content Editor: **MARIA FE C. BALABA**
Language Editor: **MARIA FE C. BALABA**

Management Team:
**MALCOLM S. GARMA,** Regional Director
**CARLEEN S. SEDILLA,** OIC-Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS,** CLMD Chief
**JAY F. MACASIEB,** OIC-ASDS/OIC-Chief ES, CID
**MA. GLORIA G. TAMAYO,** Regional EPS, Filipino
**MARIA FE C. BALABA,** Division EPS, Filipino
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**NEIL VINCENT C. SANDOVAL,** Division LR Supervisor
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

| Aralin 1 | Mga Tauhan: Ilawaran Natin!<br>Mga Pangyayari: Ating Ayusin<br>Wakas sa Isang Pinanood: Ibigay |
| --- | --- |

## Inaasahan

*Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:*

1. Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos, ginawi, sinabi at naging damdamin **(F4PS-IIIb-2.1)**;
2. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan sa pamamagitan ng paggamit ng una, pangalawa, sumunod at panghuli **(F4PN-IIIj-8.4)**;
3. Naipakikita ang pag-unawa sa pinanood sa pamamagitan ng pagbibigay ng ibang pagwawakas ayon sa sariling saloobin o paniniwala. **(F4PD-IIIh-7.2)**.

## Unang Pagsubok

**Panuto.** Basahin ang talata. Bilugan ang letra ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng bawat tanong.

Disyembre na naman.

Tumulo ang masaganang luha sa mga mata ni Julia. Nakita niya ang nakasabit na parol sa sulok ng kanilang bahay. Gawa iyon ng kanilang ama. Nilagyan niya ng ilaw ang parol at isinabit ito sa may bintana.

"Kay ganda ng parol!" Tumayo si Julia at hinawakan ang parol.

Tandang- tanda niya pa ang kasiyahan nilang mag-anak noong nakaraang Pasko.

"Huwag kayong malulungkot," sabi ng kaniyang ama. "Aalis ako upang mabigyan kayo ng magandang kinabukasan."

"Ingatan ninyo ang parol. Magsisilbi itong gabay sa inyong mga gagawin," paliwanag ng ama noong bago umalis sa kanilang bahay.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

1. Tumulo ang masaganang luha sa mga mata ni Julia. Nakita niya ang nakasabit na parol sa sulok ng kanilang bahay. Gawa iyon ng kanilang ama. Nilagyan niya ng ilaw ang parol at isinabit ito sa may bintana. Anong damdamin ang mahihinuha batay sa paglalarawan ng kilos na ito ni Julia?

   A. pagkagalit C. pagkalungkot
   B. pagkabagot D. panghihinayang

2. "Kay ganda ng parol!" Anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag na ito ni Julia?

   A. pagkatuwa C. pagkalungkot
   B. pagkatakot D. pagmamalaki

3. "Huwag kayong malulungkot," sabi ng kaniyang ama. "Aalis ako upang mabigyan kayo ng magandang kinabukasan." Anong katangian ng ama ang ipikakikita batay sa sinabi nito?

   A. matapat C. may paninindigan
   B. matiyaga D. mapagpakumbaba

4. "Ingatan ninyo ang parol. Magsisilbi itong gabay sa inyong mga gagawin." Anong katangian ng ama ang ipinakikita batay sa sinabi nito?

   A. maligalig C. masunurin
   B. magiliwin D. mapagmahal

5. Base sa binasang kuwento, alin ang tamang pagkakasunod-sunod?

   1. Sumunod, nangako ang ama na bibigyan sila ng magandang kinabukasan.
   2. Una, tumulo ang luha sa mga mata ni Julia nang makita ang nakasabit na parol na gawa ng kaniyang ama.
   3. Huli, sinabi ng ama na ingatan ang parol at magiging gabay nila ito sa mga gagawin nila sa buhay.
   4. Pangalawa, tuwang-tuwang pinuri ni Julia ang magandang parol.

   A. 1-2-3-4 B. 2-4-1-3 C. 4-1-3-2 D. 3-1-4-2



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Balik-tanaw

**Panuto:** Basahin ang simpleng resipi ng isang putahe o ulam. Punan ng angkop na pahayag ang patlang upang mabuo ang resipi. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

**Paraan ng Pagluluto ng Pancit Bihon**

1.____________ang mantika sa kawali at igisa ang ____________.
   A. Palamigin - luya, togi at tanglad
   B. Painitin - bawang, sibuyas, manok at hipon
   C. Pakuluin - kamatis, baka, repolyo at pechay
   D. Prituhin - magic sarap, patatas at kangkong

2. _____________ at _______________ ang mga sangkap na gulay.
   A. Banlian - ilaglag          C. Prituhin at isampay
   B. Pakuluin - ibilad          D. Timplahan - idagdag

3. Sangkutsahin ang mga gulay at ibuhos _____________ ng manok.
   A. ang paa          C. ang sabaw
   B. ang balat          D. ang mantika

4. Pagkulo, ilagay __________________.
   A. ang bihon          C. ang sandok
   B. ang ramen          D. ang siyanse

5. Lutuin ito hanggang matuyo. ____________ nang mainit kasama ang patis at kalamansi.
   A. Ihain          B. Ilapag          C. Ihulog          D. Ibuhos

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**T**andaan……

Isa sa mga kasanayang dapat malinang sa iyo upang maunawaan ang kuwento ay ang makilala ang mga tauhan at mailarawan ang kani-kanilang mga katangian. Makikilala sila sa pamamagitan ng paglalarawan



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

ng kanilang mga ikinilos, ginawi, sinabi at mga naging damdamin nila sa kabuuan ng salaysay.

Sa pagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento, ilagay sa isip kung ano ang **una**, **pangalawa**, **pangatlo** at **panghuling pangyayari** sa kuwento habang ito ay binabasa. Maaaring gumamit ng mga pahayag na una, ikalawa, sumunod, di kalaunan, sa huli, sa pagtatapos at iba pa upang ipakita ang sunod-sunod na banghay ng kuwento.

Sa pagbibigay naman ng sariling wakas ng kuwento, nabasa, napakinggan o napanood man, kailangang ito ay angkop sa paksa ng kuwento. Gawing payak ang gagawing wakas. Ang sariling karanasan at dating kaalaman ng mambabasa ay makatutulong sa pagbibigay ng sariling wakas ng kuwento. Makapagbibigay ka rin ng sariling pagwawakas batay sa mga nahinuhang naunang mga pangyayari o paglalarawan sa mga tagpong naganap sa mga tauhan, naunang kaalaman o karanasang kaugnay ng paksa o pangyayaring tinatalakay sa teksto o kuwento.

## Gawain

**Gawain 1:**
**Panuto:** Basahin at unawain ang kuwento. Bilugan ang letra ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng bawat tanong.

### Ang Regalo kay Lea

May biglang sumigaw sa labas ng bahay nina Lea. Narinig niya ang malakas na ungol ni Dagul, ang alaga niyang tuta. Dumungaw si Lea sa bintana. Nakita niya ang kaniyang tuta sa daan. Nakahiga at may dugo ito sa mukha. Tumakbo siya sa labas.

"Patay na si Dagul. Nasagasaan siya ng dyip," malungkot na sabi ng kaniyang kapatid na si Bong.

"May bibilhin ako sa tindahan. Sumunod siya sa akin," paliwanag ni Bong. Bumalik si Lea sa bahay. Ayaw niyang kumain at maglaro. Naiisip niya si Dagul.

Kinabukasan ay Pasko na! Nagising si Lea sa ingay. Sa tabi niya ay may basket na may kard. Nakasulat sa kard ang "Para kay Lea, mula kina Daddy at Mommy."



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

Inalis ni Lea ang takip ng basket. Nakita niya ang isang magandang tuta. Ito ay katulad na katulad ni Dagul. Inakap ni Lea ang tuta!

1. May biglang sumigaw sa labas ng bahay nina Lea. Narinig niya ang malakas na ungol ni Dagul, ang alaga niyang tuta. Dumungaw si Lea sa bintana. Nakita niya ang kaniyang tuta sa daan. Nakahiga at may dugo ito sa mukha. Tumakbo siya sa labas. Batay sa paglalarawan sa pangyayari, paano mo ilalarawan ang damdamin ni Lea?
   A. nanghihinayang C. nagagalit
   B. nag-aalala D. natutuwa

2. “Patay na si Dagul. Nasagasaan siya ng dyip.” Batay sa pahayag, ano ang damdamin ng nagsasalita?
   A. natatakot C. nalulungkot
   B. nagtataka D. nag-aalinlangan

3. “May bibilhin ako sa tindahan. Sumunod siya sa akin,” paliwanag ni Bong. Ano ang inilalarawang damdamin sa pahayag na ito?
   A. pagsisisi C. pagkagalit
   B. pagkainis D. pagkagulat

4. Bumalik si Lea sa bahay. Ayaw niyang kumain at maglaro. Naiisip niya si Dagul. Batay sa paglalarawan ng pangyayari, ano ang mahihinuhang katangian ni Lea?
   A. mapagmahal C. mapangarapin
   B. mapagmataas D. mapagkakatiwalaan

5. Inalis ni Lea ang takip ng basket. Nakita niya ang isang magandang tuta. Ito ay katulad na katulad ni Dagul. Inakap ni Lea ang tuta! Ano ang mahihinuhang damdamin ni Lea sa pangyayaring inilarawan?
   A. pagkatakot C. pagkaligalig
   B. pagkatuwa D. pagkalungkot




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

---

**Gawain 2:**

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa binasang kuwento gamit ang grapiko. Gamitin sa pagsasalaysay ang mga salitang **una, pangalawa, sumunod, panghuli** sa paglalahad ng sunod-sunod na pangyayari.




**Gawain 3**

**WAGAS NA WAKAS**

**Panuto:** Sa tulong ng magulang, manood ng isang pelikula o teleserye, bigyan ng ibang wakas ang napanood ayon sa sariling saloobin, paniniwala o pagkaunawa. Isulat ang wakas sa telebisyon.





**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Tandaan



Ang katangian ng mga tauhan sa isang kuwento o salaysay ay malalaman ayon sa kaniyang ikinilos, sinabi, ginawi o naging damdamin.

Matutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa ginamit na pananda tulad ng una, pangalawa, sumunod at huli.

Maibibigay ang ibang wakas ng isang nabasa, napakinggang kuwento, o napanood na pelikula kung pagtutuunan ang mga naunang pangyayari o karanasan ng mga tauhan at may kasanayan sa paghihinuha ng mga susunod na pangyayari.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga pahayag. Piliin sa kahon ang angkop na katangian ng inilalarawan. Isulat sa patlang ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| masinop | masipag | mapagkakatiwalaan |
| maalalahanin | mapagpakumababa | |

1. Maaga pa lang ay gising na si Theus. Inihahanda na niya ang gamit sa paaralan. Naliligo at nagbibihis na mag-isa. Kakain at magliligpit ng pinagkainan. Saka handa nang pumasok sa paaralan. Si Theus ay isang batang _____________.

2. “Lahat ng mga bagay na patapon ay lilinisin ko at gagawin kong bagong kasangkapan. Iaayos ko ang mga nagkalat ng gamit at ilalagay sa tamang lagayan.” Ang nagsasalita ay taong ______________.

3. “Pasensiya na po, hindi ko po sinasadya. Ako po ang may kasalanan,” sabi ni Mot Mot sa aleng nabangga. Si Mot Mot ay _______________

4. Gabi na ay wala pa si Hiraya. Pabalik-balik sa may tarangkahan si Aleng Belen. “Bakit kaya wala pa si Hiraya, gabi na, baka kung ano na ang nangyari sa kaniya.” Si Aling Belen ay ________________.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

5. Tuwing may nakalilimutang gamit sa palikuran, ay naibabalik sa mga empleyado. Iyan si Tony, ang ________________ dyanitor ng kompanya.

# Pangwakas na Pagsusulit

## Gawain 1

**Panuto:** Pumili ng isang paborito mong kuwentong nabasa na o napanood sa telebisyon o *Youtube*. Kumpletuhin ang talaan.

| | |
|---|---|
| Pamagat | |
| Mga tauhan sa kuwento<br>(Isa-isahin) | |
| Ilarawan ang mga tauhan batay sa ikinilos, sinabi, ginawi at naging damdamin | |
| Pagsunod-sunurin ang pangyayari gamit ang panandang una, pangalawa, sumunod, huli at iba pa. | |
| Magbigay ng iyong sariling wakas ng kuwentong binasa. | |


**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Sanggunian

Pado, Felicitas E. etal. 2018.The Philippine Informal Reading Inventory. Department of Education. pdf.

**Mga Larawan:**
https://pixabay.com/vectors/screen-display-monitor-tv-146824/
https://pixabay.com/vectors/reel-films-negatives-cinema-movie-33861/
https://pixabay.com/vectors/film-movie-real-1293271/

## Susi sa Pagwawasto

| **Unang Pagsubok** | **Balik-Tanaw** | **Gawain 1** | **Pag-alala sa mga Natutuhan** |
|---|---|---|---|
| 1. C | 1. B | 1. B | 1. masipag |
| 2. A | 2. D | 2. C | 2. masinop |
| 3. C | 3. C | 3. A | 3. mapagpakumbaba |
| 4. D | 4. A | 4. A | 4. maalalahanin |
| 5. B | 5. A | 5. B | 5. mapagkakatiwalaan |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**